**A MGA KATANGIAN NG DIOS.**

❖ Nag-aalok ang Biblia ng pinakatapat, malinaw, at tugma sa larawan ng Dios. Isa sa mga paraan na tinutulungan tayo nito na makilala Sya ay sa pamamagitan ng kanyang mga katangian.
  — Makapangyarihan sa lahat (Genesis 17:1)
  — Alam ang lahat (1 Juan 3:20)
  — Alam ang hinaharap (Isaias 46:10)
  — Matuwid (Awit 11:7)
  — Maawain (Deuteronomio 4:31)
  — Matiyaga at nakakaaliw (Roma 15:5)
  — Tagapagbigay ng biyaya (Roma 3:24)
  — Isang nagpapatawad (Awit 86:5)
  — Maharlika (Awit 47:8)
  — Walang hanggan (Genesis 21:33)

❖ Sa kanyang bahagi, sinubukan ni Satanas na sirain ang katangian ng Dios mula pa sa simula, ipinapakita Sya na makasariling Dios, na hinahangad lang sa sariling kabutihan (Gen. 3:4-5).

**B ANG UGALI NG DIOS:**

❖ **ANG DIOS AY BANAL.**
  — Ang mga anghel na nakatayo sa tabi ng Dios ay pinupuri Sya bilang "Banal, banal, banal" (Isa. 6:3; Apoc. 4:8). Itong katangian ay natural na nakakonekta sa Kanyang ugali na ginamit ni Isaias bilang pangalan ng Dios: "sabi ng Banal". (Isa. 40:25; 57:15).
  — Ano ang ibig sabihin ng maging banal? Ibig sabihin nito ay maitalaga, maihiwalay, malinis. Tayo ay banal kung aalis tayo sa masama at gawin ang ipinagkakatiwala sa atin ng Dios. (Bil. 15:40; Lev. 11:44; 1 Ped. 2:9).
  — Ngunit paano ito mailalapat sa Dios? Siya ay lubos na hiwalay sa masama at walang kaugnayan sa kasalanan.
  — Ibig sabihin nito, dahil Siya ay Banal, ang pag-ibig Nya ay banal, dalisay, at walang pagkamakasarili. Dahil Siya ay Banal, ang Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat ay banal, dalisay, at walang pagkamakasarili. Ang lahat Niyang katangian ay puno ng kabanalan at kadalisayan.

❖ **ANG DIOS AY PAG-IBIG.**
  — Ang Dios ay hindi lang meron o nagbibigay ng pagmamahal (bagaman ginagawa niya pareho), ngunit "Ang Dios AY pag-ibig" (1 Juan 4:8, 16). Gaya ng kabanalan, ang pag-ibig ay natural na bahagi ng likas ng Dios.
    (1) Dahil sa pag-ibig, nilikha niya ang tao, lalaki at babae, at "inutusan" sila na mahalin ang isa't-isa. (Gen. 2:24)
    (2) Dahil sa pag-ibig, nang nagkasala sina Adan at Eba, Hinanap Niya sila at binigyan sila ng pag-asa (Gen. 3:9, 15)

(3) Dahil sa pag-ibig, gumawa Siya ng tipan kay Abraham at nangako ng pagpapala sa lahat ng tao (Gen. 26:4)
(4) Dahil sa pag-ibig, ibinigay Niya ang Anak –Jesu Kristo– upang mamatay para sa ating mga kasalanan (Juan 3:16)

— Paano ako tutugon sa Kanyang pag-ibig? (1 Juan 4:19)?

**C PAGKILALA SA DIOS:**

❖ **IPINAHAYAG ANG DIOS SA NILIKHA.**

— Nagsimula ang Biblia sa pagtukoy sa Dios na אֱלֹהִים (elohim). Bagaman ang literal na salin ng titulong ito ay "mga dios," ginagamit ito na pang-isahang salita. Gaya ng "Nang pasimula, nilikha ng mga Dios ang langit at ang lupa" (Gen. 1:1).

— Ipinapakilala nito sa atin ang Manlilikha na, sa pamamagitan ng Salita [Jesu Kristo], at sa pakikilahok ng Espiritu, ay makapangyarihan upang lumabas ang lahat na umiiral (Gen. 1:1-3; Jn. 1:1-3).

— Sa Genesis kabanata 2, dinagdag ang personal na pangalan ng Dios: יְהוָה (Yahweh). Ngayon hindi Nya sinabi lang na, "magkaroon." Gumawa Sya ng tao at pinorma Nya ng Kanyang mga kamay. Ang makapangyarihang Dios ay nagpahayag ng Kanyang sarili bilang personal, at madaling lapitan na Dios.

— Hinahawakan Niya tayo, nagsasalita Sya sa atin, nagtuturo Sya sa atin, nagtatalaga Siya sa atin ng trabaho… minamahal Niya tayo.

❖ **IPINAHAYAG ANG DIOS KAY JESUS (EMANUEL).**

— Kung nais nating malaman kung ano ang tungkol sa Dios, kilalanin natin si Jesus. Siya ay Dios na nagpakatao (Juan 1:14), na ipinahayag ang sarili sa pagkuha ng likas ng tao upang makikita at maririnig sya natin (Juan 1:18; 14:9; 1 Juan 5:20).

— Ibinalita sya sa ilalim ng pangpropesiyang pangalan na nagsasabi ng kanyang layuninsa buhay: Emanuel, kasama natin ang Dios (Isaias 7:14; Mateo 1:23). Ipinakilala siya sa atin ng apat na ebanghelista sa iba't-ibang aspeto.

(1) Mateo: Mula sa Judio patungo sa mga Judio. Siya ang Mesias na tumupad sa mga ipinangako
(2) Marcus: Mula sa Judio patungo sa mga Hentil. Palaging handa sa paglilingkod sa iba
(3) Lucas: Mula sa Hentil patungo sa mga Hentil. Makatao at maawain
(4) Juan: Mula sa Judio patungo sa mga Judio at Hentil. Ang tagapagbigay ng pisilal at espiritwal na buhay